

CHAPTER 1

According to *Christian Medical & Dental Associations*, the Bible affirms that God is the Lord and giver of all life. Human beings are uniquely made in God's image, and each individual is infinitely precious to Him and was made for an eternal destiny. The Christian attitude toward human life is one of reverence from the moment of fertilization to the moment of death.

But not for him.

There was more to it than the life and death of man. At sa dami ng sulat na naipadala na niya sa mundo, napatunayan niya iyon.

"Two hundred."

Agad na sinet-up ng nurse ang defibrillator sa utos ng doktor. The patient's blood pressure had dropped to thirty at patuloy pa ring bumababa.

“Isa pa.”

Ngunit napatigil ang lahat sa loob ng OR nang marinig ang walang patid na beep na kasabay ng flatline sa electrocardiogram. The doctor wanted to continue, to give it another shot but it was too late.

“Time of death, 14:43.”

Huminga nang malalim ang doktor at umayos ng tayo bago lumayo sa pasyente nito. Hinayaan na nitong ang mga nurse ang mag-asikaso sa bangkay, mula sa pagtatangal ng mga aparato sa katawan hanggang sa pagtataklob ng kumot sa mukha nito. Marahang binuhat ng mga orderlies ang katawan at inilipat sa isang gurney bago inilabas ng silid para dalhin sa morgue.

The mourning of the family rang in his ears as he walked past them. At hindi lang basta ang pagluluksa ng mga ito ang naramdaman niya. Higit pa roon.

Ilang hakbang pa at nasa loob na siya ng kwarto. Lumibot ang paningin niya sa silid. Ang sadya niya ay ang liham na nakapatong sa kama kung saan huling nakahiga ang pumanaw, ang lihan na iniwan ng mga namatay para sa mga taong mahal nila sa oras na lisanin nila ang mundo. That letter was extracted from the heart and memories of a person before he or she dies and should be delivered within forty days para makatawid sa kabilang buhay ang kaluluwa. Kung hindi, mabibilang sila sa mga ligaw na espiritu dito sa mundo.

And, of course, so that the letters could be delivered, they needed a mailman.

That was what he was.

Mailmen were neither reapers nor angels.

Mailmen were born from sacrificial souls, mula sa mga kaluluwa ng mga taong nagbuwis ng buhay para mabuhay ang iba.

Pagkakuha ng sulat ay agad niya itong ibinaliktad. Isa-isang lumabas ang mga letra sa papel na tila tinitipa sa isang makinilya. The letters formed a name and an address.

“Where is it this time?”

Napalingon ang mailman nang may biglang sumulpot sa tabi niya. Katulad niya, nakasuot ito ng long black epaulette shirt na may mga butones na gawa sa pilak, at isang pares ng itim ding pants. The man’s hair had a blue tint while his own had a streak of silver. Nakasabit sa balikat nito ang isang brown leather shoulder bag na umaabot hanggang sa bewang.

“California,” sagot niya.

Ipinasok niya ang sulat sa bag na dala at ngumiti bago siya pumasok sa isang pintuan. Pagkalabas sa kabila, iba na ang paligid niya. Ang kaninang hospital room ay napalitan ng sidewalk sa ibaba ng mga gusali. Wala na din ang mga doktor at nurse. Sa halip, puro sasakyan at ilang mga puno na ang nakikita niya.

Itinaas niya ang paningin sa isang sign board kung saan nakasulat ang mga salitang *Anaheim, California*. Sa isang iglap lang, nasa California na siya, 7,356 miles away from the Philippines kung saan siya nanggaling. The sender had died at 2:43 PM Friday, Philippine Time. At dahil fifteen hours

ahead ang oras sa California...

“11:50 PM, Thursday,” he murmured as he glanced at his watch.

Hindi ito ang unang beses niya sa California. Gayunpaman, hindi pa rin siya pamilyar sa lugar. Even if he had been a mailman for over twenty-five years, masyadong malawak ang mundo para makabisado niya ang bawat sulok nito.

Ang totoo niyan, it had been a while mula nang magtagal siya sa Pilipinas. Nag-assist siya sa mga mailman sa Middle East bago nito. Dahil sa digmaan doon, daan-daang tao ang namamatay kada araw. Ibig sabihin ay daan-daang sulat din ang inihahatid nila.

Narating niya ang kanto ng S Flintridge Way kung saan nakatira si Agatha Rodriguez, ang receiver. Agad siyang nagtungo sa tapat ng pintuan ng bahay nito.

Agatha Rodriguez

941 S Flintridge Way, Anaheim, CA 92808.

Pinindot niya ang doorbell at hinintay na bumukas ang pinto. After a few moments, the door opened, revealing a brunette in her early thirties.

Lumabas ito at kunot-noong lumingon sa paligid. By nature, a mailman can't be seen by ordinary humans. Para silang mga kaluluwa na pagala-gala sa mundo kaya hindi na siya nagtaka kung bakit ganoon ang reaksiyon ng babae sa harapan niya.

He left the letter at her feet at sa isang iglap, nabaling ang atensyon ni Agatha dito. Kinuha nito

ang sulat at agad na binuksan nang makitang para rito ang liham.

To the daughter I have never seen,

I may not be the father you know.

And the letters or photographs hadn't told you so.

I've never even held you in my arms, nor have I kissed you and said hi.

But I want you to know how much you mean to me, my love.

For even if I can't tell you hello, at least I can bid you goodbye.

*Love,
Dad*

Unti-unting naglaho ang sulat sa mga kamay ng babae kasabay ng alaala na nakita nito iyon at nabasa. He eyed her, feeling sorry for the loss of the father she had never met, but then he was glad na maayos na makakatawid sa kabilang buhay ang kaluluwa ng lalaki.

Another man came out of the house and comforted Agatha. Pinunasan nito ang luha sa mga mata ng babae at tumingin sa paligid sa pagbabakasali na makita ang dahilan kung bakit ito umiiyak.

“Why does it hurt?” naguguluhang tanong ng babae.

The mailman turned his back at mula sa bag na dala-dala, kinuha niya ang isang maliit na notebook na may golden crest sa harapan na may hugis na sobrang may isang pares ng mga pakpak.

“Okay. That should be my 9,123rd letter. Good job, self!” Saka niya tinapik-tapik ang sariling balikat. Plano niya na isarado sa 9,125 ang mga sulat na maide-deliver niya sa araw na ito.

Huminto ang isang pulang bus sa harapan niya. Pagkababa ng mga pasahero, siya naman ang umakyat pasakay. Nang magsara ang pintuan ay muli na namang nagbago ang lugar na kinaroroonan ng mailman. Nakapag-teleport na siya pabalik sa Pilipinas at iniluwa siya palabas sa isang kwarto na wala sa isip niyang puntahan.

Napabuntong-hininga siya. Aminado siya na hindi pa siya ganoon kasanay gamitin ang kakayahan na ito at kailangan pa niyang magsanay. Madalas pa rin kasi siyang maligaw at lumabas kung saan-saan. Ang instruction sa kanila ay isipin ang isang lugar na gusto nilang puntahan pero kahit na ginagawa niya iyon, may pagkakataon talaga na sumasablay pa rin siya.

“Move!”

Napabaling siya sa harapan kung saan isang gurney ang papunta sa direksyon niya. Nilingon niya ang kwarto sa likuran niya at nakita na nakaharang siya sa pintuan ng isang operating room.

Nilapitan ng mailman ang nag-aagaw-buhay na lalaki. Nasa ibabaw nito ang isang doktor habang nakadiin ang magkasaklop na mga palad nito sa

dibdib ng pasyente, siguro ay para pigilan ang pagtagas ng dugo mula sa sugat doon. Mabilis na itinutulak ng mga kasama nito ang gurney papasok sa loob.

Tumingin siya sa paanan ng kama. Isang nilalang na nakaitim ang nakaupo doon, hawak ang isang kandila. Ang kandilang iyon ang kumakatawan sa buhay ng tao. Sa oras na hipan ng nilalang ang apoy ng kandila, tuluyan nang mamamatay ang may-ari nito.

“Tabi!”

Napaatras ang mailman at muntikan pang matumba sa gulat. Nakatingin sa kanya ang babaeng doktor at bakas ang inis sa mukha nito.

“Tabi!”

CHAPTER 2

Napakurap ang mailman saka sinundan ng tingin ang doktora. Hindi sila nakikita ng ordinaryong tao kaya imposible na siya ang tinutukoy nito, pero sigurado din siya na siya ang sinigawan nito. Sinundan niya ng tingin ang babae hanggang sa makapasok ito sa operating room at magsara ang mga pinto niyon. Tumabi naman sa kanya ang nilalang na kanina ay nakaupo sa kama kasama ng doktor.

Isa itong Grim Reaper o Tagasundo. They were walking skeletons who wore black capes that shrouded their whole bodies. No one knew how their real faces looked like dahil mga bungo lang ang nakikita sa kanila. But it was believed na kapag nakita mo ang mukha nila, they will eventually die.

“Ikaw ba ang kukuha ng pamana niya?”

Pamana. Iyon ang tawag ng mga Tagasundo sa mga sulat na inihahatid nila.

“Wala siya sa schedule ko.”

Umiling ang Tagasundo. “Pero nasa listahan ko siya.”

Siguro ay nahuli lang ng dating ang mailman na kukuha ng sulat. Muli siyang bumaling sa operating room. The boy on the operating table was only in his early twenties. Too bad na mamamatay na ito.

“Hawakan mo nga saglit.” Iniabot ng Grim Reaper ang kandila sa kanya bago nito kinuha ang cellphone at nag-type.

“Ano’ng ikakamatay niya?”

“Car accident. May tumamang bubog sa puso niya. Mas maaga pa sana siyang mamamatay kung hindi lang naagapan ng doktor,” paliwanag nito.

Pinagmasdan niya ang kandilang hawak. He used to be human, too. Well, every mailman used to be human. Bagamat wala siyang alaala ng nakaraang buhay niya, hindi pa rin nawawala ang mga emosyon.

Sinubukan niyang alamin ang pagkatao niya noon. Nalaman niya na nakasulat sa Book of Life ang mga alaala ng lahat ng nilalang. Ngunit walang nakakaalam kung nasaan ang aklat o kung sino ang may hawak nito.

“Sorry. Naligaw ako papunta dito.”

Naagaw ng pagdating ng isa pang mailman ang atensyon niya. Ibinaba ng tagasundo ang cellphone nito, itinabi iyon saka hinarap ang batang mailman.

“Kapag na-late ka pa ulit, papadagdagan ko ang trabaho mo.”

“Pasensya na po talaga,” sabi ng mailman saka ito naglakad papasok sa operating room.

“Masyado kang mahigpit sa kanya. Sa pagkakaalam ko, ito ang unang taon niya. Natural lang na hindi pa siya sanay,” sabi niya sa tagasundong ngumiti lamang sa kanya.

“Oras na.”

Lumapit sa kanya ang Tagasundo at hinipan ang kandilang hawak niya bago iyon kinuha. Kahit hindi niya tingnan ay alam na niya kung ano ang nangyayari sa loob. Nagpaalam sa kanya ang grim reaper at bigla itong nawala. Sa kinatatayuan nito kanina, sumulpot ang ilang tao na sa tingin niya ay mga kamag-anak ng binatang naaksidente.

“Doc, ano’ng nangyari? Nasaan ang anak ko?”

Lumingon siya at nakita ang doktor na kalalabas lamang ng operating room. Nagkalat pa ang dugo sa damit nito habang tinatanggal ang surgical gloves at mask.

“I’m sorry. Ginawa po namin ang lahat para isalba siya pero may bubog na tumama sa puso ng anak ninyo kaya—”

“Hindi!”

Hindi ito ang unang beses na nakita niyang nagluksa ang isang pamilya pero kahit ganoon, lagi pa rin siyang naapektuhan. Iyon ang batas ng mundo. May ipapanganak at nabubuhay, meron ding namamatay, kahit ano pa ang edad.

Lumabas na ang junior mailman. Napapakamot pa ito sa ulo na tila hindi alam ang gagawin. Ganito rin siya nang mag-umpisa. Kabado pa siya noon dahil

isang buwan na ay hindi pa rin niya naihahatid ang una niyang sulat.

“Saan mo kailangang pumunta?”

“Camp Crame,” sagot nito.

Walang masama kung tulungan niya ito. Lumapit siya sa isa sa mga pintuan ng ospital at binuksan iyon.

“Salamat,” saka ito pumasok sa loob.

Nang sumara ang pinto, siya naman ang luminga-linga.

Wala silang listahan kung kaninong sulat ang kukunin nila o ihahatid. Tanging ang grim reaper lamang ang meron niyon. Parang may bumubulong lang sa kanila na nagsasabi kung saan sila susunod na pupunta, gaya ng nadarama niya ngayon.

Inihakbang niya ang mga paa at sinundan ang pakiramdam na iyon. Pagkaliko niya sa kanto ay nakita niya agad ang Tagasundo sa labas ng pintuan ng ward habang nilalaro ang kandila sa kamay nito. Bagamat magkamukha, alam niya na iba ito sa Tagasundo na kausap niya kanina.

Agad itong ngumiti at bumaling sa kanya nang makita siya. “Ikaw na bahala dito.”

Hindi na siya nagsalita. Pumasok na siya sa ward. Wala nang tao sa loob at nakaayos na din ang lahat. Lumapit siya sa kama at naupo saka kinuha ang sulat na nakapatong sa unan.

Honorio Lumbao
Day-as, Cordova, Cebu

Pamilyar sa kanya ang Cebu kaya hindi na siya mahihirapan na hanapin ang address. Pinag-aaralan pa rin niya ang liham habang nakaupo sa kama nang may magsalita.

“What are you doing?”

Lumingon ang mailman sa likuran niya. Nakatayo sa may pintuan ang doktora kanina. Hindi pa ito nakakapagpalit ng damit buhat noong lumabas ng operating room.

At dahil alam niya na hindi sila nakikita ng normal na tao ay ipinagwalang-bahala niya ito at muling binalingan ang hawak na sulat.

“Excuse me, I’m talking to you.”

Muli siyang natigilan. Wala nga palang ibang tao sa loob. Tanging sila lang ang nandito. Tumayo siya mula sa kama at humarap dito.

Nakikita ba niya ako?

Para makasigurado, lumapit siya rito. Magkasalubong na ang mga kilay ng babae, na tila naiinis.

“I am asking you. And what is that?” the doctor said as she pointed at the letter in his hand.

Napaawang ang bibig niya.

Impossible.

Iyon ang paulit-ulit niyang sinabi sa sarili. Nagsimula siyang maglakad palabas ng silid pero natigilan siya nang bigla siyang ituro ng doktora.

“Stay there!”

Nakikita siya nito at hindi lang iyon, kinakausap siya nito na parang isang normal na tao. Pero hindi siya tao, isa siyang mailman.

“You’re talking to me,” hindi makapaniwala niyang saad.

“Of course I’m talking to you, thief!”

Thief? Hindi alam ng mailman kung mamamangha ba siya o maiinis dito. Una ay nakikita siya ng doktora at nakakausap. Ikalawa, tinawag siya nitong magnanakaw.

“Kung ano man iyang kinuha mo, you need to return that. Pagmamay-ari ‘yan ng pasyente at tanging kamag-anak niya lang ang pwedeng kumuha niyan.” She crossed her arms over her chest at iniharang ang mga paa sa pintuan.

Naningkit ang mga mata ng mailman habang pinag-aaralan ang babae. Inisa-isa niya ang mga batas ng langit at ng mga mailmen, pero wala ni isa man sa mga iyon ang makapagpapaliwanag kung bakit siya nito nakikita.

“That’s weird.”

“It’s not! It’s policy. Now give it back!”

Inabot ng doktora ang sulat na hawak niya. Mabuti na lamang at mabilis niya iyong nailayo at naitago sa bag na dala bago pa nito tuluyang mahawakan ang liham.

“You can’t touch this!” saad ng mailman.

Mahalaga ang bawat sulat na dinadala nila at hindi siya papayag na mahawakan ito ng kung sinuman. Hindi na nakatiis ang doktora.

“Guard!” sigaw nito. “Guard!”

Narinig ng mailman ang mabilis na mga yabag ng mga tao papalapit sa lugar. Ang mahalaga sa kanya ngayon ay ang makatakas. Saka na niya

poproblemahin kung bakit siya nakikita ng babae.

Agad siyang tumakbo papasok sa CR ng ward at isinarado ang pinto. Hindi naman nagdalawang-isip ang doktora na sundan siya. Buong puwersa nitong binuksan ang pintuan hanggang sa mapatigil at umatras.

Walang tao sa loob.

CHAPTER 3

Hinihinala ang mailman nang makatapak siya sa destinasyon niya. He still couldn't believe that someone could see him. Umayos siya ng pagkakatayo at tumingin sa paligid.

His foot landed at the aisle of *10,000 Roses Café*. It was already twilight. While this was a public place, walang tao roon ngayon. Maybe for some reason ay isinarado ito. Nagpatuloy siya sa paglalakad patungo sa coffee shop.

Huminto siya sa tapat ng isang mesa kung saan nakaupo ang isang lalaking puno ng paghanga ang mga mata habang nagmamasid sa paligid. Tinitigan niya ang liham na hawak pagkatapos ay naupo siya sa harapan ni Honorio Lumbao.

Pinagmasdan niya din ang paligid. The *10,000 Roses Café* had a romantic ambience. Darkness

blanketed the whole area and the white roses started to light up to illuminate the night. They danced in the wind and burst into a sea of brilliance beneath the dark night sky.

The mailman placed the letter at the table in front of him. Palagi niyang hinihintay na mabasa ng mga pinaghahatiran niya ang mga liham pero hindi sa pagkakataong ito.

Iniwang na niya ang lalaki at nagsimulang maglakad palayo.

“Dra. Iris.”

Lumingon ang doktora nang tawagin siya ng nurse. Laman ng isip niya ang lalaking nahuli niya sa ward kanina. Ipinagtataka kasi niya ay ang biglang pagkawala nito. They have checked the whole area pero hindi nila ito nakita. Even the CCTV cameras had no footage of him.

“Yes, Ghie?”

“It’s time for your rounds,” saad ng nurse.

Sumulyap si Iris sa wall clock. It was already eight in the evening pero hindi pa tapos ang trabaho niya. She had finished two major operations today at may naka-schedule pa siya bukas.

“Just a moment.”

Matapos mag-update ng files ng mga pasyente ay agad na naglakad ang doktora kasama ang nurse. Binati siya ng mga taong nakakasalubong sa daan. Matagal na siyang cardiologist sa *Sheridan Hospital* at kilala na siya roon.

“Doc Iris!”

Isang bata ang sumalubong at yumakap sa kanya nang makapasok siya sa isa sa mga kwarto ng ospital. Kinarga niya ito pabalik sa kama kung saan naroon ang magulang nito. The girl was Angela, one of her patients who had Critical Congenital Heart Disease.

“How are you today, little kiddo? Naging good girl ka ba?”

“Yes naman po!” the kid exclaimed with a snappy salute.

Ibinaba ng doktor ang bata sa kama nito, saka niya isinuot ang stethoscope. After listening to the little girl’s heart and lungs, sunod naman na chineck ni Iris ang physical features ng bata.

“Please run her usual diagnostic tests at paki-forward sa office ko ang results,” aniya sa nurse.

Nilapitan ni Ghie ang bata kasama ang mga magulang nito at sinamahan para magpa-diagnostic tests. Itinuloy naman ni Iris ang pagtingin sa ibang mga pasyente.

It was past nine nang matapos siya. By this time sigurado siya na tapos na din ang tests ni Angela. Pabalik na siya sa opisina nang mahagip ng mga mata niya ang isang pamilyar na tao.

Inabot ni Iris ang telepono niya at tumawag sa security habang sinusundan ng tingin ang lalaking nakita. A man in his early thirties wearing a black epaulette shirt at harem pants, she had no doubt na ito iyong nakita niya kanina sa ward.

The mailman huffed. He was already one letter

behind his goal of delivering 9,125 letters today. And he had planned to go to *Stadio Olimpico* in Italy to watch a football game between Argentina and Portugal pero dito siya sa *Sheridan Hospital* dinala ng mga paa niya. Nagsimula siyang maglakad para maglibut-libot sa ospital.

Huminto siya nang matapat sa isang opisina. Dra. Iris Maravillas ang nakalagay sa name plate sa pinto. Hindi siya pumasok pero nang magsimula siyang muling maglakad palayo, nakita niya ang doktora na nakatayo sa likuran niya, nakatingin sa kanya. Alam niya na may tao sa likuran niya pero hindi niya iyon pinansin dahil hindi naman siya nito makikita. But in this case, it was different. It was the doctor he had met earlier.

Umatras ang mailman habang sapo ang dibdib. “You scared me!”

“You should be scared.” Matalim siya nitong tiningnan bago nito dinugtungan ang sinabi, “Thief.”

Napaawang ang bibig ng mailman sa pagkabigla sa narinig. Hindi man lang nagdalawang-isip ang doktora na tawagin siyang magnanakaw.

“Doc...”

Sabay silang lumingon na dalawa nang dumating ang mga guards. Para namang nakahinga nang maluwag si Dra. Maravillas pagkakita sa mga ito.

“Capture him,” mabilis nitong sabi saka siya itinuro.

Kumunot ang noo ng mga guards at nagpalitan ng tingin. “Po?”

“Hulihin n’yo ‘yang magnanakaw na ‘yan,” utos

ito sa mga guwardya.

“Nasaan po ang magnanakaw?”

Halatang nainis na si Dra. Maravillas. Nilingon siya nito at mapang-asar niya itong nginitian.

“In front of you!” sigaw nito sa mga guards.

“Doc, kayo lang po ang nandito.”

And he knew the exact moment she realized na ito lang ang nakakakita sa kanya.